



ST PAULS MEDIA **pastoral ministry**

SAMBUHAY



SUNDAY • TV MARIA • 8:30AM • 7:00PM
LIVE DAILY WORKERS' MASS ONLINE • 6:15AM

FOLLOW US ON FACEBOOK • YouTube




Taon 34 Blg. 42

Ikatlong Linggo ng Karaniwang Panahon (B) — Luntian

Enero 24, 2021

SI Hesus ANG TUNAY NA Daan

Cl. Edward Dantis, SSP



Madalas iniisip nating parang isang *block buster* na pelikula ang pagtawag ng Diyos. Kadalasan tayo ang bida, at dahil si Hesus ang tumawag, dapat may ipapakita tayong matinding credentials. Parang tayo 'yung totoong bida sa kwento. Iyong tipong inaapi muna sa una at sa bandang huli babangon at mang-ingibabaw sa lahat. Kung ganito ang pamantayan natin, mabilis nating maiisawalang-bahala ang tunay na diwa ng pagtawag ng Diyos: "Panginoon, huwag mo muna akong tawaging alagad at hindi naman ako karapat-dapat. Hindi pa ako handa. Wala pa akong maipagmamalaki sa iyo at sa iba."

Ngunit, kung ating susuriin, mga karaniwang tao ring gaya natin sina Simon Pedro at Andres, Santiago, at Juan. Ayon kay San Marcos, pawang mga mangingisda lamang ang mga ito. Ordinaryong tao ang mga unang tinawag para maging tagasunod ni Hesukristo — mga ordinaryong tao na may payak na buhay. Hindi sila tinawag

dahil sa kung ano o sino sila sa nakaraan, kundi kung ano at sino ang magiging sila sa pagsunod nila sa mga turo, utos, at gabay ni Hesukristo.

Nagaganap lamang ang pagtawag sa pamamagitan ng isang personal na ugnayan sa pagitan ng Panginoon at ng kanyang tinawag. Sa kadahilanang ito'y isang paanyaya, hindi tayo ang pumipili sa Diyos. Hinihikayat niya lamang tayong makilahok at makibahagi sa kanyang buhay. Sa ating pagtugon sa paanyayang ito, nabubuo ang isang relasyon at pakikipagkaibigan natin kay Kristo. Kaya, nangangailangan ng paghahanda ng sarili ang pagtugon sa tawag.

Sa ating paghahandang ito, kalimitan, naging abala tayong magkaroon ng pag-aari, karunungan, at kapangyarihan. Dahil sa mga bagay na ito, nakaliligtaan natin ang tunay na kahulugan ng tawag ni Kristo: paglilingkod sa kanya. Hindi lamang ito hamon sa mga pari at relihiyoso. Tulad ni Kristo, ibinigay niya ang kanyang sarili para sa kapakanan ng iba.

Nakatuon sa kapakanan ng iba at hindi lang sa ating sarili ang tunay na paglilingkod. Ito ang halimbawang ibinigay ni Kristo at hamong tinatawag tayong isa-loob. Kaya lang, nalilimutan natin ito. "We miss the point," 'ika nga.

Sa ikalawang pagbasa, sinasabi ni San Pablo na bilang na ang oras at napakaraming panahon na ang nasayang at lumipas. Napakarami nang pagkakataon ang ipinagpapabukas. Napagtanto ni San Pablo na maraming panahon ang lumipas sa kanyang buhay kung kailan ginugol niya ang buhay niya sa paghahanap ng katotohanan at minsa'y napariwara pa sa kanyang paghahanap. Gaya niya, maghihintay pa ba tayo ng okasyong gigising para tumugon sa alok ng Diyos na sumunod? Na sa bandang huli'y panghihinayanhan ang mga pagkakataong dumating sa atin dahil sa takot at pagdududa?

Hindi kailangan ng Diyos ang mga paimbabaw na *credentials* para tugunan ang kanyang paanyayang sumunod at maglingkod sa kanya. Hindi natin dapat pagdudahan kung ano ang mayroon sa atin dahil sa una pa lang, natutupad lamang ang kalooban ng Diyos ayon din naman sa ating kakayahan. Tulad ng binanggit sa Salmong Tugunan, "mabuti at matuwid ang Panginoon. Itinuturo niya ang tamang daan sa mga makasalanan. Ginagabayan niya ang mga patas at itinuturo niya sa mga mababang loob ang kanyang gawi." Kaya, 'Ituro mo sa amin ang iyong daan, Panginoon at nang maging handa kami sa iyong pagtawg sa amin.'

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 96:1, 6)

(Basahin kung walang pambungad na awit)

Panginoon’y papurihan, bagong awit s’ya’y awitan. Umawit ka sanlibutan, sa dangal n’ya’t kabanalan, at ganda sa dalanginan.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus)

P – Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa’y sumainyong lahat.

B – At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaring basahin ito o isang katulad na pahayag)

P – Magsisimulang mangaral si Hesus pagkatapos dakpin si Juan Bautista. Itutuloy ni Hesus ang panawagan sa pagsisisi at pagtalikod sa kasalanan at idagdag niya ang katotohanang malapit nang dumating ang paghahari ng Diyos.

Ipinagdiriwang din natin ngayon ang **Pambansang Linggo ng Bibliya**, inaanyayahan tayo na umunlad sa ating pananampalataya ngayong nalalapit na tayo sa pagdiriwang ng ika-limang daang taon ng pagdating ng Kristiyanismo sa Pilipinas.

Pagsisisi

P – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo’y maging marapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nag-dudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Tumahimik)*

P – Panginoon, kami’y nagkasala sa iyo.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

P – Kaya naman, Panginoon, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas.

B – Kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong iligtas.

P – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B – Amen.

P – Panginoon, kaawaan mo kami.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

P – Kristo, kaawaan mo kami.

B – Kristo, kaawaan mo kami.

P – Panginoon, kaawaan mo kami.

B – Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataastaasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P – Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, itaguyod mo ang aming ginagampanan alinsunod sa iyong kalooban upang sa ngalan ng Anak mong mahal kami’y maging marapat na magkaroon ng karagdagan sa aming paggawa ng kabutihan sa pamamagitan ni Hesukristo, kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B** – Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa (Jon 3:1–5, 10)
(Umupo)

Hindi kailanman itinatakwil ng Diyos ang mga makasalanan. Nagbago ang kapalaran ng bayang Ninive sapagkat pinili ng taumbayan na magsisi at magbagong-buhay sa tulong ng paghihimok ni Jonas.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Jonas

SINABI ng Panginoon kay Jonas: “Pumunta ka sa lungsod ng Ninive at ipahayag mo ang ipinasasabi ko sa iyo.” Nagpunta si Jonas sa Ninive. Malaki ang lungsod na ito. Aabutin ng tatlong

araw kung lalakaring pabagtas. Siya’y pumasok sa lungsod.

Pagkaraan ng maghapong paglalakad, malakas niyang ipinahayag, “Gugunawin ang Ninive pagkaraan ng apatnapung araw!” Naniwala ang tagaroon sa pahayag na ito mula sa Diyos. Kaya, nag-ayuno sula at nagdamit ng sako bilang tanda ng lubos na pagsisi at pagtalikod sa kanilang mga kasalanan.

Nakita ng Diyos ang kanilang pagtalikod sa kasalanan kaya hindi na itinuloy ang paggunaw sa Ninive.

— Ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 25)

T – Poon, ang iyong landasi’y iyong ituro sa akin.

Amante

Po-on, ang i-yong lan-da - si'y

i-yong i - tu-ro sa a-kin.

1. Ang kalooban mo’y ituro, O Diyos, / ituro mo sana sa aba mong lingkod; / ayon sa matuwid, ako ay turuan, / ituro mo, Poon, ang katotohanan; / Tagapagligtas ko na inasahan. **(T)**

2. Poon, gunitain, pag-ibig mong wagas, / at ang kabutihan noon pa’y nahayag, / Pagkat pag-ibig mo’y hindi magmamaliw, / ako sana, Poon, ay alalahanin. **(T)**

3. Mabuti ang Poon at makatarungan, / sa mga salari’y guro at patnubay; / sa mababang loob sila yaong gabay, / at nagtuturo ng kanyang kalooban. **(T)**

Ikalawang Pagbasa
(1Cor 7:29–31)

Pinapaalalahanan tayo ni San Pablo na huwag ituon ang ating mga puso sa makamundong bagay bagkus ay mamuhay ayon sa pagpapahalagang nauukol sa kaharian.

Pagbasa mula sa unang sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Corinto

ITO ang ibig kong sabihin, mga kapatid: malapit na ang takdang panahon, kaya't mula ngayon, ang mga may-asawa ay mamuhay na parang walang asawa; ang mga nananangis na parang di nananangis; ang mga nagagalak na parang di nagagalak; ang mga namimili na parang walang ari-arian at ang nagtatamasa sa sanlibutang ito, na parang di nila alintana. Sapagkat ang lahat ng bagay na ito ay mapaparam.

— Ang Salita ng Diyos.

B – Salamat sa Diyos.

Aleluya (Mc 1:15) *(Tumayo)*

B – Aleluya! Aleluya! Ang Diyos ay maghahari na, talikdan ang tanang sala, manalig sa balita niya. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita (Mc 1:14–20)

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
B – Papuri sa iyo, Panginoon.

PAGKATAPOS dakpin si Juan, si Hesus ay nagtungo sa Galilea at ipinangaral ang Mabuting Balita mula sa Diyos: “Dumating na ang takdang panahon, at malapit na ang paghahari ng Diyos! Pagsisihan ninyo’t talikdan ang inyong mga kasalanan at maniwala kayo sa Mabuting Balitang ito.”

Samantalang naglalakad si Hesus sa tabi ng Lawa ng Galilea, nakita niya ang magkapatid na Simeon at Andres na naghahagis ng lambat. Sila’y nangingisda. Sinabi ni Hesus, “Sumama kayo sa akin at kayo’y gagawin kong mamamalakaya ng tao.” Pagdaka’y iniwan nila ang kanilang lambat, at sumunod sa kanya.

Nagpatuloy siya ng paglalakad, at sa di kalayuan ay nakita niya ang magkapatid na Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo. Sila’y nasa kanilang bangka at naghahayuma ng mga lambat. Tinawag din sila ni Hesus at sumunod sa kanya. Iniwan nila sa bangka ang kanilang ama, kasama ng mga taong upahan.

— Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesuskristo.

Homiliya *(Umupo)*

Pagpapahayag ng Pananampalataya *(Tumayo)*

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesuskristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinag-pakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P – Patuloy ang Diyos Ama sa pag-aanyaya sa atin tungo sa pagbabalik-loob sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang Anak na si Hesus. Bilang mga tagasunod niya, buong pagtitiwala tayong dumalangin:

T – Panginoon, gawin mo kaming mga tapat mong alagad.

L – Para sa Santo Papa, mga pari, obispo, relihiyoso, at misyonero: patuloy nawa silang maging tapat sa kanilang misyon na magsilbing liwanag ng Ebanghelyo sa lahat. Manalangin tayo: **(T)**

L – Para sa mga pinuno ng ating bayan: magkaroon nawa sila ng dunong at kababaang-loob upang tugunan ang lagapan na kahirapan. Manalangin tayo: **(T)**

L – Para sa mga nagnanais sumunod kay Hesus: tahakin nawa nila ang buhay paglilingkod sa pamamagitan ng pagiging pari, madre, o relihiyoso. Manalangin tayo: **(T)**

L – Para sa mga maysakit: patuloy nawa nilang madama ang mapagpagaling na kamay ng Diyos sa pamamagitan ng mga taong umaaruga sa kanila. Manalangin tayo: **(T)**

L – Para sa mga yumao: makamtan nawa nila ang kaharian ng Diyos sa langit upang mapabilang sila sa lahat ng mga tapat at banal na lingkod ng Diyos. Manalangin tayo: **(T)**

L – Sa ilang sandali ng katahimikan, amin ding ipinapanalangin ang iba pang mga pangangailangan ng aming pamayanan pati na rin ang aming pansariling mga kahilingan *(Tumahimik)*. Manalangin tayo: **(T)**

P – Ama naming mapagmahal, bigyan mo kami ng siglang ihatid ang iyong Anak sa tanan sa pamamagitan ng banal at tapat naming pamumuhay. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B – Amen.



Paghahain ng Alay *(Tumayo)*

P – Manalangin kayo...

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, tanggapin mong malugod ang aming mga handog. Ngayong ang kabanalan ay iyong dulot, kami’y sumasamo sa iyo’t lumuluhog upang kaligtasa’y iyong ipagkaloob sa pamamagitan ni Hesuskristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen.

Prepasyo (Karaniwan VII)

P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin.

P – Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B – Itinaas na namin sa Panginoon.

P – Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B – Marapat na siya ay pasalamat.

P – Ama naming makapang-yarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat.

Kahit na ikaw ay pinagtaksilan ng sangkatauhan, ikaw ay patuloy pa rin sa iyong pagmamahal. Ikaw na ang nagpuno sa aming pagkukulang; ikaw pa rin ang nagsugo ng tutubos sa tanan. Ang sugo mong Anak ay naging di na iba sa amin bagamat di niya tinularan ang aming pagkamasuwayin. Nilooob mo ito upang iyong mamalas sa aming pagkatao ang giliw mong Anak at kami’y tunghayan mong may pag-ibig na tulad ng pagtatangi mo sa kanya nang higit sa lahat. Ang katapatan niya sa iyong walang maliw ay nagpanumbalik na muli sa amin ng iyong kasiyaha’t ng iyong pagtingin na aming iwinaksi noong ikaw ay aming suwayin.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo! Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo! Osana sa kaitaasan! Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon! Osana sa Kaitaasan! (Lumuhod)

Pagbubunyi (Tumayo)

B – Aming ipinahahayag na namatay ang iyong Anak, nabuhay bilang Mesiyas, at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B - Ama namin...

P – Hinihiling naming...

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.



SAMBUHAY MISSION APPEAL

Be a mission partner for Sambuhay!



Sambuhay Misalette and Sambuhay TV now offer you a chance to reach its nearly a million readers and viewers. We share our "sacred space" for

- Vocation promotions
- Invitations from Catholic communities and other groups
- Announcements for special programs and activities
- Local and international pilgrimages
- Other church and faith-based matters

MEDIUM	DURATION	AD RATE
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	1 SUNDAY	P 4,000
Sambuhay Sunday Misalette (Hiligaynon)	1 SUNDAY	P 1,500
Sambuhay First Friday	1 FRIDAY	P 2,000
Sambuhay Sunday Misalette (English or Filipino)	8 SUNDAYS (2 months)	P 25,000
Sambuhay TV	1 EPISODE	P 5,000

Contact details

88959701 to 04 loc. 607
88953416

sambuhay.missalette@gmail.com
marketing@stpauls.ph

Facebook.com/sambuhaymisalettePH
Facebook.com/sambuhay.missalette

Pagbati ng Kapayapaan

Paanayaya sa Pakikinabang

(Lumuhod)

P – Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatulúy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyong (Jn 8:12)

Ang sabi ng Poong mahal, "Sa daigdig, ako'y ilaw. Kapag ako ay sinundan, ang dilim ay mapaparam at sa aki'y mabubuhay."

Panalangin Pagkapakinabang

(Tumayo)

P – Manalangin tayo. (Tumahimik)

Ama naming mapagmahal, ipagkaloob mong sa aming pakikinabang sa iyong kagan-dahang-loob na bumubuhay lagi nawa naming maikarantal ang iyong pagpapalang sa ami'y ibinibigay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B - Amen.

PAGTATAPOS

P - Sumainyo ang Panginoon.

B - At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P – Yumuko kayo't hingin ang biyaya ng Diyos. (Tumahimik)

Ilayo nawa kayo sa lahat ng makapipinsala at pagpalain nawa kayo ng bawat mabuti at ganap na kaloob ng Diyos ngayon at magpasawalang hanggan.

B – Amen.

P – Pamalagiin nawa niyang nananahan ang kanyang Salita sa inyong kalooban at puspusin nawa niya kayo ng kaligayahang walang hanggan.

B – Amen.

P – Patnubayan nawa kayo ng Diyos sa pagtahak sa kanyang landas upang lagi ninyong mabatid kung ano ang tama at marapat samantalang kayo ay naglalakbay patungo sa kalangitan kanyang pamana magpasawalang hanggan.

B – Amen.

P – Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (+) at Espiritu Santo.

B – Amen.

Pangwakas

P - Tapos na ang Banal na Misa. Humayo kayong taglay ang kapayapaan upang ang Panginoon ay mahalina at paglingkuran.

B - Salamat sa Diyos.